Abril 19, 2023

# Pag-renew at pagkuha ng lisensya sa mga mobile business ay pwede na ngayon online

BRAMPTON, ON – Ang mga drayber at operator ng mga mobile business ay pwede na ngayong mag-aplay para sa at i-renew ang kanilang lisensya at mga plate ng sasakyan online.

Nag-iisyu o nagre-renew ang Lungsod ng Brampton ng mga lisensya para sa mga lisensya ng tinatayang 1,500 drayber/operator bawat taon at mag-iisyu o magre-renew ng mga plate ng behikulo para sa tinatayang 1,200 behikulo bawat taon.

Ang sumusunod na mga mobile business ay kasalukuyang nangangailangan ng lisensya at plate ng behikulo upang makatakbo sa loob ng Lungsod ng Brampton:

- limousine
- mga tow truck
- mga behikulo ng driving school
- taxi
- mga behikulo ng refreshment

Tinitiyak ng Licensing Enforcement team na ang mga behikulo at mga drayber ay nakatutugon sa mga kwalipikasyon sa ilalim ng Mobile Licensing By-Law ng Lungsod bago mag-isyu ng lisensya. Kabilang dito ang pangkaligtasang pag-iinspeksyon ng mga de makinang sasakyan, criminal/MTO checks at insurance.

Ang mga lisensya at plate ng behikulo ng mobile driver/operator ay iniisyu upang matiyak ang pagsunod sa Mobile Licensing By-law 67-2014.

Ang mga hiling para sa mga lisensya at mga plate ng behikulo ay tatanggapin lamang ngayon sa pamamagitan ng proseso ng online application. Ang mga kiosk ay available sa Flower City Community Campus (8850 McLaughlin Road South, Unit 2, Brampton ON L6Y 5T1) para sa mga residente na walang access sa isang computer.

Upang mag-aplay para sa o mag-renew ng lisensya, bisitahin ang: eForm (brampton.ca)

Upang mag-aplay para sa o mag-renew ng mga plate ng behikulo online bisitahin ang: eForm (brampton.ca)
.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca